# 多言語情報コーナー　（令和７年　５月号）

## 1. Tungkol sa Bayarin sa Buwis ng Sasakyan, mga Ari-arian at iba pa.

Sa buwan ng Mayo, ang mga nagmamay-ari ng mga regular na sasakyan at motorsiklo ay tatangggap mula sa pamahalaang lungsod ng abiso sa bayarin sa buwis para sa regular na sasakyan at light motor vehicles.

Kapag nakatanggap ng abisong ito ay dapat na magbayad hanggang sa ika-2 ng Hunyo.

Bilang karagdagan, ang mga nagmamay-ari ng lupa at bahay sa lungsod ay tatanggap din ng katulad na abiso para sa buwis ng kanilang mga ari-arian. Dapat din itong bayaran hanggang sa ika-2 ng Hunyo. Hinihiling na ang mga nakatanggap ng nasabing abiso ay magbayad hanggang sa itinakdang araw.

## 2. Tungkol sa Pagbibigay ng Pinansyal na Suporta sa mga Bagong Kasal na Mag-uumpisa ng Kanilang Kabuhayan sa Lungsod.

Ipagkakaloob ang pinansyal na suporta sa mga newly married couples na mag-uumpisa ng kanilang kabuhayan sa lungsod para sa kanilang pag-upa ng tirahan, pagbili ng gamit at gastusin sa paglipat dito sa Tochigi City.
Ang pinansyal na tulong ay ipagkakaloob sa bagong kasal na naitala ang kanilang pagpapakasal sa lungsod mula sa umpisa ng Abril ngayong taon hanggang sa ika-31 ng Marso ng susunod na taon ng 2026. Dapat din na ang mag-asawa ay may kabuuang kinita na hindi lalampas ng 5 milyong yen mula Enero hanggang Disyembre sa nakaraang taon na 2024, hindi pa lampas ang edad ng 40 taong gulang at wala ng naiwang bayarin sa buwis sa pamahalaang lungsod.
Ang mga dayuhang residente ay makaka-avail sa suportang ito kung naisumite ang mga kau-ukulang mga dokumento sa kanilang pagsasama bilang mag-asawa.
Ang maximum na matatanggap na pinansyal na suporta ay 300,000 yen. Kung ikaw ay magbabayad ng upa na 50,000yen kada buwan ay ipagkakaloob ang anim(6) na buwang subsidiya para sa upa ng inyong titirahan na mag-asawa.
Ang mga sakop ng subsidiya para sa gastusin sa umpisa ng pamumuhay sa lungsod ay ang upa ng tirahan, security deposit, key money, brokerage fees, bayarin sa paglipat ng mga gamit at bahagyang gastusin sa pagpapatayo o pagpapagawa ng tirahan.
Ang application tungkol sa programang ito ng lungsod ay nag-umpisa na noong unang araw　ng Abril ngayong taon hanggang sa ika-31 ng Marso ng susunod na taon ng 2026. Sa mga nais na mag-apply ay makipag-ugnayan lamang Local Administration Division sa numero 0282-21-2453.

### 3. Paalala Tungkol sa Pagsasara ng Kalsada sa Riles ng Tubo-Nikko Line.

Sa kasalukuyan, ay isinasagawa ang pagsasa-ayos ng Imaizumi-Izumigawa road. Dahil sa gagawing multi-level intersection sa ibabang bahagi ng overpass ng Tubo-Nikko Line, ay isasara ang bahagyang parte nito ng kalsada. Isasara sa trapiko ang railroad crossing na malapit sa dating Imaizumi Nursery School at tuluyan na itong tatanggalin pagbukas ng bagong daan.

Itinakdang isara ang parteng ito ng kalsada mula ika-15 ng Abril ngayong taon hanggang sa ika-10 ng Marso ng 2026. Humihingi ang lungsod ng paumanhin dahil sa dulot na abala sa panahon ng konstruksyon, pang-unawa at kooperasyon ng lahat.

## 4. Tungkol sa Pagpapatupad ng Carbon Neutral.

Sa Japan, ang nakakapasong init ay nagiging karaniwan na sa summer at ang malakas na pag-ulan mula sa mga bagyo na dumarating at iba pang mga kaganapan ay nagiging sanhi ng pag-apaw ng mga ilog na nagdudulot ng sakuna. Ang mga matinding pangyayari sa klima tulad ng tagtuyot at malakas na pag-ulan ay nagiging mas madalas na sa buong mundo. Ito ay sanhi ng pagtaas ng temperatura sa buong mundo dulot din ng pagtaas ng level ng carbon dioxide emissions na gawa ng tao.

Narinig mo na ba ang salitang “Carbon Neutral”?

Ito ay isang inisyatiba upang mabawasan ang mga emisyon ng greenhouse gases kabilang ang carbon dioxide na siyang sanhi ng pagkakaroon ng global warming sa zero level.

Isang agarang paraan upang makamit ang carbon neutrality ay ang pagtitipid sa kuryente. Nangangahulugan na dapat bawasan ang paggamit ng kuryente sa kabahayan sa pamamagitan ng paglipat sa paggamit ng mga appliances tulad ng telebisyon o air conditioner na energy efficient.

Ang paggawa, pag-import at pag-export ng fluorescent lamp ay ititigil na sa taong 2027. Sa halip, ang LED na ilaw na ang gagamitin. Ang pagpapalit ng mga incandescent na bombilya sa LED ay makakabawas sa pagkonsulmo at singil ng kuryente at makakatipid dito.

Maraming iba pang mga bagay na maaaring gawin ang isang indibidwal sa pang-araw-araw na pamumuhay upang makapag-ambag sa isang carbon-neutral na lipunan, tulad ng hindi pagsasayang ng pagkain, paggamit ng pampublikong transportasyon sa halip na pagmamaneho na sariling sasakyan at pagbabawas sa dami ng basurang itinatapon.

Dapat magkaroon ng kamalayan bilang indibidwal kung ano ang magagawa upang labanan ang global warming.